# OPERASYON NG MALIIT NA NEGOSYO SA KUSINA NG TAHANAN
# TALAAN NG MGA KATOTOHANAN

**EHConsultative@ph.lacounty.gov** | (626) 430-5156

### Tungkol sa MEHKO

Ang Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ng (Kodigo sa Pagtitinda ng Pagkain sa California) [California Health and Safety Code (California Retail Food Code)] ay binago noong Enero 2019 upang itatag ang isang "Operasyon ng Maliit na Negosyo sa Kusina ng Tahanan [Microenterprise Home Kitchen Operation" **(MEHKO)**] bilang isang bagong uri ng pasilidad ng pagtitinda ng pagkain. Ang MEHKO ay isang pasilidad ng pagkain na pinapatakbo ng isang residente mula sa kanilang pribadong kusina. Kapag pinahintulutan, ang isang residente ay maaaring mag-imbak, humawak, maghanda, at maghain ng pagkain sa publiko, ayon sa pinapayagan ng batas ng Estado, katulad ng isang maliit na restawran.

### Ang mga MEHKO ay Kasalukuyang Hindi Awtorisado

Inaprubahan ng Los Angeles County Board of Supervisors ang mosyon ni Supervisor Holly J. Mitchell na "Pagpapadali ng Akses sa Ligtas at may Regulasyong Pagtitinda at mga Oportunidad sa Maliliit na Negosyo (Streamlining Access to Safe and Regulated Vending and Micro Entrepreneurship Opportunities)" noong Oktubre 3, 2023. Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan, sa pakikipagtulungan sa County Counsel at Kagawaran ng Oportunidad na Pang-ekonomiya (Department of Economic Opportunity), ay inuutusan na:

1. Bumuo ng isang ordinansa na nagpapahintulot sa pagbibigay ng permiso sa MEHKO ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan.
2. Magsagawa ng pagpapaalam sa komunidad (outreach) at pakikibahagi ng mga kalahok (stakeholder engagement) habang binubuo ang ordinansa na namamahala sa mga MEHKO.
3. Maghanda ng isang pampublikong programa sa edukasyon para sa mga operasyon ng pagtitinda ng pagkain na nakabase sa bahay sa kaligtasan ng pagkain.

Sumangguni sa **Takdang mga Oras (Timeline) ng Pagpapatupad** para sa mga napapanahong impormasyon (update): https://bit.ly/mehko-lacounty

### Mga benepisyo ng MEHKO

- Ang maliliit na operasyon sa pagluluto sa bahay ay maaaring lumikha ng makabuluhang mga pagkakataon sa ekonomiya para sa mga residente ng Los Angeles County kabilang ang mga kababaihan, imigrante, at mga taong may kulay.
- Ang operasyon sa kusina sa bahay ay nagbibigay ng mga alituntunin, pagsasanay, at mapagkukunan ng kaligtasan ng pagkain sa mga tagapagluto sa bahay upang madagdagan ang kaalaman sa mga kasanayan sa kaligtasan ng pagkain kapag nagsisilbi sa publiko.
- Ang pamilihan (exchange) ng lutong bahay na pagkain ay maaaring mapabuti ang pagkakaroon ng akses sa mga masusustansyang pagkain para sa mga komunidad, lalo na para sa mga may limitadong mapagkukunan at pagpipilian.
- Ang mga MEHKO ay magbibigay ng suporta sa mga nagtitinda ng pagkain sa bangketa (sidewalk food vendor) sa pamamagitan ng paglilingkod bilang komisaryo (commissary) para sa kanilang Operasyon ng Maliit na Kainang Naililipat [Compact Mobile Food Operation (CMFO)].

### Mga Kinakailangan sa MEHKO

- Kailangan ng Permiso sa Pampublikong Kalusugan para mapatakbo ang pagtitinda (operate). Ang operasyon ay sasailalim sa taunang inspeksyon at pagsisiyasat na nakabatay sa reklamo.
- Hindi hihigit sa isang kumpleto ang oras (full-time) na empleyado (hindi kasama ang mga miyembro ng pamilya o mga miyembro ng sambahayan) ang maaaring magtrabaho sa MEHKO.
- Ang nangangasiwa (operator) ng MEHKO ay dapat kumuha ng sertipiko ng Sertipikadong Nangagasiwa Pangangalaga ng Pagkain (Certified Food Protection Manager) sa matagumpay na pagpasa sa pagsusulit sa kaligtasan ng pagkain mula sa isang inaprubahan at akreditado na organisasyon at isumite ito kasama ang aplikasyon ng MEHKO.
- Ang sinumang (mga) taong kasangkot sa MEHKO ay kailangang kumuha ng Food Handler Card Certificate mula sa isang aprubadong provider ng California at isumite ito kasama ang MEHKO application.
- Ang pagkain ay dapat ihanda, lutuin, at ihain o ihatid sa parehong araw na ito ay ginawa.
- Ang isang MEHKO ay maaaring maaprubahan upang suportahan ang isa pang hiwalay na may permisong CMFO.

### Mga Pagbabawal ng MEHKO

- Ang mga MEHKO ay may limitasyon sa bilang ng mga pagkain na maaari nilang ibenta, na may limitadong bilang na nakatakda sa 90 pagkain bawat linggo at 30 pagkain bawat araw, na may kabuuang kita na $100,000 sa isang taon.
- Bawal ang muling pagbebenta ng pagkain sa iba pang pasilidad ng pagkain.
- Ang MEHKO ay hindi maaaring gumamit ng app ng ikatlong Partido na naghahatid (third party delivery app) tulad ng Uber Eats, Postmates, Grubhub, DoorDash, atbp, maliban kung inilaan sa Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan ng California (Health & Safety), Seksyon 114367.5.
- Ay hindi inaprubahan upang mapatakbo ng isang operasyon na magsilbi ng pagkain (catering operation).
- Ay hindi awtorisadong magpatakbo ng isang Operasyon ng Pagluluto ng Pagkain sa Bahay (Cottage Food Operation) sa parehong tirahan.
- Hindi maaaring magsilbi ng alak o pagkain na naglalaman ng alak nang walang lisensya mula sa Programa ng Kagawaran ng Pagkontrol ng Alkohol na Inumin ng California (Department of Alcohol Beverage Control (ABC) Program).

Para sa mas marami pang impormasyon, bisitahin ang https://bit.ly/mehko-lacounty o kontakin ang aming **Programa sa Pakikilahok sa Komunidad at Industriya (Community & Industry Engagement Program) sa (626) 430-5156**.